
# Doktor Hesus


## HESUS, PAGALINGIN MO AKO



www.doctorjesus.org

Ebanghelyo ayon kay Mateo 4 : 23 - 24

Nilibot ni Hesus ang buong Galilea. Nagtuturo siya sa mga sinagoga at ipinangaral ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din Niya ang mga tao sa kanilang mga sakit at karamdaman. Lumaganap sa buong Siria ang balita tungkol sa Kanya, kaya't dinala sa Kanya ang lahat ng mga may sakit at mga pinahihirapan ng iba't ibang karamdaman : mga inaalihan ng mga demonyo, ang mga nasisiraan ng bait, ang mga paralitiko, at pinagaling Niya silang lahat.



*"Healed of Cancer", ni Dodie Osteen, naglalarawan kung paanong si Dodie na may malubhang kanser sa atay, at binigyan lamang ng 3 Linggo na mabuhay noong 1981. Matapos malaman, siya at ang kanyang asawa, na kapwa mga pastor, ay nanalanging maalis ang kanser, gamit ang 40 natatanging pangungusap hango sa Biblia. Isang aklat na nagbibigay inspirasyon sa lahat na nakikipaglaban sa sakit na kanser. Mayroon ito sa* www.amazon.com


Sa loob ng limang taon hindi ko kayang itaas ang aking kanang kamay hanggang balikat at ikiling ito. Kaya't ako'y humingi ng tulong kay Hesus. Ngayon, kaya ko nang itaas at ikiling ang aking kanang kamay. (kasama sa HK Detention Center, Disyembre 2011)



Noong Hulyo 2011, sa HK Detention Centre, ako'y nasabihan na ang sanggol na aking isisilang ay "malubha ang karamdaman". Ako at ang aking mga kaibigan ay nanalangin kay Hesus. Noong Nobyembre 2011, ang mga doktor na tumitingin sa akin ay nagsabing, "ang sanggol ay OK". Ang malusog kong anak na babae ay isinilang noong Pebrero 2012!

## Ebanghelyo ayon kay Mateo 8: 5-13

Isang pangunahing kawal na minsang lumapit kay Hesus at nakiusap sa Kanya: “Ginoo, nakahiga sa bahay ang aking alipin. Lumpo siya at sobra na ang paghihirap.”
“Paparoon ako at pagagalingin siya,” sabi ni Hesus. Ngunit sumagot ang kawal sa Kanya: “Ginoo, hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa Ninyo sa aking bahay. Sabihin po lamang Ninyo at gagaling na ang aking alipin.”
At sinabi ni Hesus sa kawal: “Umuwi ka at mangyayari ang pinaniniwalaan mo.” Noon di’y gumaling ang alipin ng kawal.




*Hesus, ako’y dumudulog na turuan mo ako kung paano manalangin sa Iyo para sa kagalingan ko.*

2011 - 12 – 01 : Isang kasama ko na galing sa probinsiya ng Hunan ay nasa ospital ng HK Detention Center. Doon ay sinabihan siya ng doktor: "Malubha ang atay mo. Kailangan mo ng liver transplant."
2011 - 01 - 09 : Mga doktor sa Queen Elizabeth Hospital at Princess Margaret Hospital ay ganun din ang sinabi: "Kailangan mo ng liver transplant. Gawin mo ito kapag bumalik ka sa Tsina."
2012 - 01 - 12 : Ang kasama ko ay nagbalik sa ospital ng Detention Center, at tanghali ng Enero 27 ay nakatanggap siya ng "Doctor Jesus". Nang gabi ring iyon, humingi siya ng tulong kay Hesus. Nawala ang sakit na nararamdaman niya ng gabing iyon. Pagkatapos ng maraming pagsusuri sa ospital, sinabi ng doktor: "Wala na lahat. Ang iyong atay ay magaling na!"

Noong 2006, isa ring kasama ko na nasa parehong ospital ng Detention Center, bago nakulong, siya ay na-operahan, na kung saan tinanggal ang mahigit na 30 bato mula sa kanyang kidney. Nakulong siya noong 2007. At noong 2011 bumalik ang problema niya sa kidney. Noong Nobyembre 2011, matapos siyang dumaan sa x-ray, sinabi sa kanya na may bagong bato sa kanyang kidney.... at kakailanganing operahan siya ulit. Humingi siya ng tulong kay Hesus. Pagkatapos ay gumanda ang kanyang pakiramdam.Sa bagong x-ray nakita na ang mga bato sa kanyang kidney ay wala na, at sinabi ng doktor: "Hindi ka na kailangang operahan!"

Ebanghelyo ayon kay Mateo 8 : 1 - 3

Lumapit sa Kanya ang isang ketongin at lumuhod sa harapan Niya. "Ginoo," ang wika niya, "kung ibig po ninyo, ako'y mapapagaling." Hinipo siya ni Hesus at sinabi, "Ibig ko, gumaling ka." At kapagdaka'y gumaling ang kanyang ketong.




*Kahit minsan hindi nagsabi si Hesus ng "Hindi" sa sino mang humiling ng kagalingan. Pinagaling Niya ang lahat ng humiling ng kagalingan, ibig sabihin gusto Niya akong pagalingin.*

*Kahit minsan hindi sinabi ni Hesus, "Ang karamdaman na ito ay iyong krus, dapat mong pasanin ng buong tapang." Kundi, tinuturing ni Hesus ang karamdaman kung paano tinuturing ng isang magulang ang karamdaman ng sariling anak: isang bagay na kailangang mapag-tagumpayan, isang bagay na kailangang pagalingin sa lalong madaling panahon. Sino bang magulang ang nagnanais na ang kanilang anak ay magkakasakit? Malaking pagkakamali kung iniisip natin na ninanais ng Diyos na magkasakit ang sino man sa atin. Ang Diyos, tulad ng mabuting magulang, ay nagnanais na ang kanyang anak ay walang karamdaman!*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 8 : 14 - 15

Pumunta si Hesus sa bahay ni Pedro at doo'y nakita Niya ang biyenan nito, nakahiga at inaapoy ng lagnat. Hinawakan ni Hesus ang kamay ng babae at nawala ang lagnat nito. Pagkatapos, bumangon ito at nagbigay ng pagkain at tubig kay Hesus.



*Isang kasama ko sa HK Detention Center ang mayroong matinding pananakit sa dibdib. Noong Nobyembre 30, 2011, sa resulta ng kanyang x-ray sa ospital ng Detention Center ay may nakitang butas sa kanyang kaliwang baga. Inilipat siya sa Queen Elizabeth Hospital, kung saan noong Disyembre 8, nanalangin siya kay Hesus para sa kagalingan. Noong Disyembre 15, pagkatapos dumaan sa x-ray sa nasabing ospital, sinabi ng doktor: "Ang butas ay wala na.....at maari ka na ring lumabas ng ospital!"*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 8 : 16 - 17

Isang gabi dinala kay Hesus ang napakaraming tao na may karamdaman. Pinagaling Niya silang lahat. Ito'y katuparan ng sinabi ni Propeta Isaias bago pa man isilang si Hesus: "Kinuha Niya ang ating karamdaman."



*Disyembre 4, 2011 : Sa oras ng pananalangin sa HK Prison, isa sa grupo ng may 30 babaeng bilanggo ang humiling ng panalangin para sa isang kapwa-bilanggo na hindi makadalo. Siya ay may pananakit ng likod at hindi makatayo't makalakad. Ang grupo ay nagsimulang manalangin para sa bilanggong ito at nakakuha sila ng kopya ng "Doctor Jesus" para sa kanya.*
*Sumunod na mga araw, matapos matanggap ang aklat at manalangin kay Hesus, siya'y gumaling. Nakakatayo at nakakalakad na siya.*

Hesus,
samo ko'y alisin mo ang aking karamdaman.
Samo ko'y alisin mo ang sakit ng aking likod.
Samo ko'y alisin mo ang aking kanser.

Ebanghelyo ayon kay Mateo 9 : 2 - 8

Dinala kay Hesus ng ilang katao ang isang paralitikong nakaratay sa kanyang higaan. Nang makita ni Hesus kung gaano kalaki ang kanilang pananalig, sinabi Niya sa paralitiko, "Anak, lakasan mo ang iyong loob! Tumindig ka, dalhin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na." Tumindig nga ang lalaki at umuwi.
Nang makita ito ng mga tao, sila'y nagpuri sa Diyos sa ginawa ni Hesus.



*Pebrero 05, 2012 : Isang kasama galing sa isang isla na Detention Center ay sumusuka ng dugo. Sakay ng helicopter, dinala siya sa Queen Elizabeth Hospital. Sa x-ray nakita na mayroong butas ang kanyang tiyan. Ginagamot siya sa nasabing ospital ng 5 araw ngunit kaunting ginhawa lang ang natatamo. Hindi siya makatulog dahil sa sakit na nararamdaman sa tiyan. Pebrero 10 : Matapos tanggapin ang "Doctor Jesus" siya'y humingi ng tulong kay Hesus. Nang gabi ring iyon, siya'y nakatulog ng mahimbing, na kaunting sakit lamang ang nararamdaman. Pebrero 12 : Sabi ng doktor: "Umuwi ka na."*

## Ebanghelyo ayon kay Mateo 9 : 18 - 25

May dumating na isang pinuno ng mga Judio at nangusap, “Kamamatay lang po ng aking anak na babae; ngunit sumama lamang kayo sa akin at ipatong ang Inyong kamay sa kanya at siya ay mabubuhay.” Tumindig si Hesus at sumama sa kanya, gayundin ang kanyang mga alagad.



Habang paroon, isang babae naman na labindalawang taon nang dinudugo ang lumapit sa likuran ni Hesus at hinipo ang laylayan ng Kanyang damit. At sinabi nito sa sarili, “Mahipo ko lamang ang Kanyang damit ay gagaling na ako.” Bumaling si Hesus at pagkakita sa kanya’y sinabi: “Anak, lakasan mo ang iyong loob! Pinagaling ka ng iyong pananalig.” Noon di’y gumaling ang babae.



Nang dumating si Hesus sa bahay ng pinuno, nakita Niya ang mga manunugtog ng plauta at ang maraming taong nagkakaingay. Sinabi Niya, “Magsilabas kayo! Hindi patay ang bata; natutulog lang!” At Siya’y pinagtawanan nila. Ngunit nang mapalabas na ang mga tao, pumasok Siya, hinawakan sa kamay ang bata at ito’y bumangon.

## Isang kuwento galing sa USA, noong 1940, sa pahina 48 ng "The Healing Light" ni Agnes Sanford

Isang batang lalaki ang nanganganib ang buhay sa ospital dahil sa malubhang karamdaman. Ang kanyang tiyahin ay nasa tabi niya. Isang gabi hiniling niya kay Agnes at isang grupo ng kaibigan na manalangin sila para sa kanyang pamangkin. Nagkasundo sila na manalangin sa pagsapit ng ika-9 ng gabi, at hiniling sa tiyahin na ipatong ang kamay niya sa kanyang pamangkin eksakto alas 9 ng gabi.....at ito nga ay naging daluyan ng buhay kagalingan ng Panginoon.

Ika-9:45 ng gabi ang binata ay nagsabi:

*"Tita Lucy, anong nangyayari sa akin? Biglang gumanda ang aking pakiramdam. Wala nang masakit sa akin."*

Minabuti ng ospital na siya ay manatili pa ng isang araw para siya ay masuri.....walang nakita sa pagsusuri.....at sa sumunod na araw, sa dahilang lubos na siyang gumaling, siya'y nagbihis at umuwi. Ang pangyayaring ito ay naitala sa ospital ng Baltimore. "Isang himala," ang sabi ng mga doktor.

*Mahal na Hesus, dumudulog ako sa'Yo na turuan Niyo ako kung paano manalangin para sa mga taong may karamdaman.*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 9 : 27 - 33

Sumunod kay Hesus ang dalawang lalaking bulag at sumisigaw:
"Anak ni David, mahahabag kayo sa amin."
Tinanong sila ni Hesus,
"Naniniwala ba kayo na magagawa ko ito?"
"Opo, Panginoon" sagot nila.
At hinipo ni Hesus ang kanilang mga mata, at sinabi: "mangyari sa inyo ang ayon sa inyong paniniwala." At nakakita sila.
Pagkaalis nila, dinala kay Hesus ang isang piping inaalihan ng demonyo. Pinalayas ni Hesus ang demonyo at nakapagsalita ang pipi.



Malugod na inire-rekomenda
(tingnan www.amazon.com) :
F. MacNutt : *Healing; The Healing Reawakening*
A. Sanford : *Sealed Orders; The Healing Light*
E. Tardiff : *Jesus is the Messiah*
J. Girzone : *Joshua*

---

## 11 Dahilan kung bakit ang mga tao ay hindi gumagaling
(paliwanag sa *Healing* ni F. MacNutt) :

1) Kakulangan ng pananampalataya
2) Magulong paniniwala ukol sa pagdurusang nagbibigay kalayaan
3) Maling pagpapahalaga kaugnay sa pagdurusa
4) Kasalanang hindi napatawad
5) Panalanging hindi tumutukoy sa isang bagay
6) Maling pagsusuri
7) Pagtanggi na makita na ang mga gamot ay paraan ng Diyos sa pagpapagaling
8) Hindi gumagamit ng likas na paraan sa pagpapanatili ng kalusugan
9) Ngayon ay hindi pa oras
10) May taong gagamiting instrumento sa pagpapagaling
11) Problema sa relasyon na hindi pa naaayos

---

*Hesus, kung ang panalangin ko'y hindi mabisa,*
*sana'y tulungan Niyo akong malaman kung bakit..*
*at kung mayroon akong magagawa,*
*tulungan Niyo akong gawin iyon.*

## Ebanghelyo ayon kay Mateo 9 : 35

Nilibot ni Hesus ang mga bayan at nayon at nagturo sa mga sinagoga, ipinangaral Niya ang Mabuting Balita tungkol sa paghahari ng Diyos, at pinagaling ang mga may sakit, anuman ang kanilang karamdaman.



*Q : Kung gusto ng Diyos na ako'y malusog, walang sakit, bakit Niya hinahayaang ako'y magkasakit?*

*A : Gusto ng magulang ko na ako'y malusog, walang sakit ngunit kung hindi ko aalagaan ang kalusugan ko hindi ito kasalanan ng magulang ko.*

*Q : Paano naman ang mga sanggol na may sakit?*

*A : Lahat ng nilikha ng Diyos ay mabuti, tulad ng bagong computer. Ngunit ang ating hard drive ay na-inpeksiyon ng virus ni Satanas, ang epekto ng "pagbagsak" ni Adan at Eba, ang nakaraan ng ating pamilya, at ating sariling kapabayaan. Isang anti-virus program lang ang makapag-papagaling sa atin : J-E-S-U-S*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 12 : 10 - 14

Minsan si Hesus ay nasa sinagoga, nakita Niya ang isang lalaking hindi maigalaw ang kamay. Sabi Niya sa lalaki: “iunat mo ang iyong kamay.” Inunat ng lalaki ang kanyang kamay at ito’y naging maayos tulad ng kabilang kamay.



*Isang tatay ng gobernador na may malubhang karamdaman at disintirya. Pinagaling siya ni Pablo nang ito’y manalangin sa pamamagitan ng pagpatong ng kamay. Ang pagpapagaling niya ay mabilis kumalat at kapagdaka’y lahat ng nasa isla na may karamdaman ay pumunta sa kanya at gumaling.* *(Mga Gawa 28)*

*Kung sinuman ang may karamdaman, ipatawag ang matatanda ng iglesia upang ang may karamdaman ay mapahiran ng langis sa ngalan ng Panginoon at siya’y ipanalangin.*
*Ang panalangin na may pananampalataya ay makapagliligtas ng may karamdaman.*
*(Santiago 5 : 14 - 15)*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 14 : 34 - 36

Si Hesus ay pumaroon sa lupain ng Gennesaret. Nang makilala siya ng mga taga-roon, kumalat ang balita sa buong lugar at dinala kay Hesus ang lahat ng may karamdaman. Hiniling nila na mahipo man lang ng mga may karamdaman kahit ang laylayan lamang ng Kanyang kasuotan. At lahat ng nakahipo nito ay lubusang gumaling.



*Pebrero 14, 2012 : Isang kasama ko ay humiling ng panalangin para sa kanyang ina.*
*May bara ang puso ng kanyang ina,*
*ipapasok sa ospital ngayon at bukas ay ooperahan.*
*Ang kasama ko ay nabigyan ng "Dr. Jesus" at nahikayat manalangin, "Hesus, samo ko'y tulungan mo ang aking ina." Siya ay walang karanasan sa pananalangin ngunit ng gabing iyon, Pebrero 14 at kinabukasan, siya'y nanalangin ng mataimtim para sa kanyang ina. Pebrero 16, nakatanggap ng balita ang kasama ko sa kanyang kapatid na babae, "Si ina ay ok na. Hindi na niya kailangan ang operasyon. Ibinalik na siya sa bahay at maayos na."*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 18 : 19 - 20

Sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo,
“Sinasabi ko pa rin sa inyo :
kung ang dalawa sa inyo dito sa lupa
ay magkaisa sa paghingi ng anumang
bagay sa inyong panalangin,
ipagkakaloob ito sa inyo ng
Aking Amang nasa langit.
Sapagkat saan man may dalawa
o tatlong nagkakatipon dahil sa Akin,
naroon Akong kasama nila.”




*Isang hapon, bandang alas 3, si Pedro at si Juan ay nagtungo sa Templo para manalangin. Isang pilay ang humingi ng salapi sa kanila.*
*Sabi ni Pedro sa kanya, “Wala akong pilak o ginto. Ngunit mayroon akong maibibigay sa iyo : sa ngalan ni Hesukristo na Nasareno, tumayo ka at lumakad!”*

*Hinawakan siya ni Pedro sa kamay at tinulungan siyang tumayo. Agad namang lumakas ang kanyang paa at siya’y nakapaglakad. Siya ay labis na nagalak, nagsimulang lumundag-lundag. Pumunta siya sa Templo at pinuri ang Diyos. (Mga Gawa 3)*

Ebanghelyo ayon kay Mateo 15 : 21 - 28



Nang Si Hesus ay nagtungo sa lugar ng Tiro at Sidon, isang babaeng Cananea ang nagsimulang sumigaw “Ginoo, Anak ni David, mahabag Kayo sa akin. Ang aking anak na babae ay inaalihan at pinahihirapan ng demonyo.” Ang babae ay lumuhod sa paanan ni Hesus at nagmakaawa. “Panginoon, tulungan mo ako.” Sinabi ni Hesus sa babae, “Babae, ang iyong pananalig ay napakalaki. Ipinagkaloob na ang iyong ninanais.” At nang oras ding iyon, naging maayos muli ang kanyang anak.



---

*Hindi sa lahat ng pagkakataon, ngunit madalas, nagpapagaling si Hesus ng mga tao, sinasagot niya ang panalangin na may pananalig. Kaya nga kung ang aking pananalig ay mas malaki, mas matutulungan ako ni Hesus. Katulad ng isang nag-aaral lumangoy; mas naniniwala at nagtitiwala sa tagapagturo, mas madali at mainam siyang matututong lumangoy. Sa isang banda, kung walang pagtitiwala/pananalig, di matututong lumangoy!*

Hesus, dagdagan Niyo po ang aking pananampalataya!

Ebanghelyo ayon kay Mateo 15 : 29 - 31

Malapit sa dalampasigan ng Lawa ng Galilea, umupo si Hesus sa tabi ng burol. Napakaraming tao ang dumating dala-dala ang mga lumpo, pilay, bulag, pipi at marami pang iba. Nilagay sila sa paanan ni Hesus at silang lahat ay pinagaling Niya. Ang lahat ay namangha ng makitang ang pipi ay nakapagsalita, ang lumpo ay umayos ulit, ang pilay ay nakalakad at ang bulag ay nakakita muli. Ang lahat ay nagpuri sa Diyos.



*Si Sam ay nagsimulang gumamit ng bawal na gamot sa edad na labing-apat. Anim na beses siyang dinala sa pagamutan ng mga gumagamit ng bawal na gamot. Sa tuwing siya'y hinahayaang lumaya, siya'y muling tinatawag ng kanyang bisyo. Matapos noon, humingi siya ng tulong kay Hesus, "Hesus, tulungan Niyo ako!"..... at pumaloob siya sa isang Simbahan. Mula noon, hindi na siya binalikan ng mga alaala tungkol sa kanyang bisyo. Ang "Chasing the Dragon" ni Jackie Pullinger ay nagsasaad ng maraming salaysay ni Sam. Ang bawal na gamot ay isang bato-balani ni Satanas. Tanging si Hesus lamang ang pananggang laban sa mapang-akit na inpluwensiya ng Diablo.*

Ang mga mananampalataya ay nagkita-kita sa Templo. Maraming himala ang patuloy na nangyayari, na kung saan, ang mga taong may karamdaman na nakaratay ay nilalabas sa kalye, sa pag-asang kahit man lang ang anino ni Pedro ay sumaklaw sa kanila habang siya'y dumaan sa kanila. Dumating ang mga taong galing sa karatig-bayan malapit sa Jerusalem, dala-dala nila ang may karamdaman, at lahat ng may karamdaman ay gumaling. (Mga Gawa 5)
*Ipinangaral ni Felipe ang tungkol kay Hesus sa lungsod ng Samaria. Pinakinggan ng mga Samaritano ang mensahe ni Felipe dahil sa mga kababalaghan na kanyang ginawa. Masasamang espiritu ay umalis sa taong inalihan, malaking bilang ng mga tao na may kapansanan ay gumaling. Isang kababalaghan upang magkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon. (Mga Gawa 8)*

Binisita ni Pedro ang iglesia sa maraming lugar. Sa Lida, nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Eneas, isang paralitiko na walong taon nang nakaratay. Sinabi ni Pedro sa kanya, "Eneas, pinagaling ka ni Hesukristo. Tumayo ka at iligpit ang iyong tulugan." Tumayo kaagad si Eneas. Nakita iyon ng mga tao sa lugar na iyon at sila'y nanampalataya sa Panginoon. (Mga Gawa 9)

## Ebanghelyo ayon kay Mateo 17 : 14 - 20

Isang lalaki ang lumapit kay Hesus at lumuhod sa Kanyang harapan at nagwika: *"Panginoon, mahabag ka sa aking anak na may "epilepsy" at lubhang nahihirapan. Madalas siyang mahulog sa apoy at kung minsan naman ay sa tubig. Dinala ko po siya sa Iyong mga disipulo ngunit hindi nila napagaling ang aking anak."* Sinabi ni Hesus, "Dalhin ang bata sa Akin." Inutusan ni Hesus ang demonyong nasa loob ng bata at ito'y umalis, at ang bata ay gumaling kaagad. Makailang sandali nagtanong ang Kanyang disipulo, "Bakit hindi namin mapalayas ang demonyo?" Sumagot si Hesus, "Sapagkat napakaliit ng inyong pananampalataya."





Isang paraan ng pananalangin para sa kagalingan na kasama ang mga kaibigan ay ang pagpatong ng kanang kamay sa kaliwang balikat ng katabi o kasunod na kaibigan.
At pagkatapos nito, mapapansin na mayroong mainit na pakiramdam sa kanang kamay at kaliwang balikat.....at sa puso..... at sa bahagi ng katawan na may karamdaman.
Pananalangin na may kasama ay madalas nagdadala nang mas maraming kagalingan kaysa sa dalawang tao lang na nanalangin.
Grupong pananalangin ay hindi madali, ngunit ito ay madalas inirerekomenda. Isipin lamang na ang kanang kamay ay kamay ni.....Hesus

Ebanghelyo ayon kay Lukas 7 : 11 – 17

Isang araw, si Hesus at Kanyang mga alagad ay nagtungo sa bayan ng Nain.
Nang sila'y papasok na sa bayan, nasalubong nila ang isang libing ng kaisa-isang anak na lalaki ng isang babaeng balo. Nang makita ito ni Hesus Siya'y nahahabag sa babae. "Huwag ka nang umiyak," sabi Niya sa balo. Inihinto Niya ang prusisyon at sinabi sa bangkay, "Anak, sinasabi Ko sa iyo, bumangon ka!"
Ang lalaki ay biglang umupo at nagsimulang magsalita, ibinalik ni Hesus ang lalaki sa kanyang ina.



Isa sa pinakamainam na panalangin para sa kagalingan ay ang “Panalangin ng Panginoon”, “Ama Namin”

Dapat nating bigkasin ito ng mabagal at maingat, hindi nagmamamadali.

Kailangan nating alalahanin kung bakit natin sinasabing “Ama Namin” at hindi “Ama Ko:” sapagkat si Hesus, Anak ng Ama sa Langit, ating Kapatid, ay nananalangin kasama natin!

Kaya’t kung ako’y nanalangin para kay Adam na may karamdaman, panalangin ko ay:


Hesus, pagalingin Niyo po si Adam.
Samo ko’y gumaling siya kaagad.
Hesus, para kay Adam,
ako’y nananalangin kasama ka:

*Ama naming nasa langit*
*Nawa’y mahalin at ibigin Ka ng lahat.*
*Mapasaamin ang Kaharian Mo.*
*Ang Iyong kalooban ang masusunod dito sa lupa tulad nang sa langit. Salamat sa sapat na pagkain sa araw na ito. Patawarin Niyo kami tulad nang pagpapatawad namin sa iba. Iligtas Niyo kami sa oras ng pagsubok.*
*Isanggalang kami sa masasama.*

Ebanghelyo ayon kay Lukas 17 : 11 - 19

Isang araw, nang si Hesus ay papasok sa isang nayon, sampung ketongin ang tumawag sa Kanya: “Hesus! Guro! Mahabag ka sa amin.” Agad sumagot si Hesus: “Humayo kayo at humarap sa mga pari.” At nangyari na gumaling sila habang naglalakad. Isa sa kanila ay labis na nagalak at bumalik kay Hesus.
Lumapit siya at lumuhod sa paanan ni Hesus at nagpasalamat. Ngunit nalungkot si Hesus, sapagkat ang siyam ay hindi man lamang bumalik at nagpasalamat.





Minsan, dapat ding sabihin ng taong may karamdaman ang kanilang sakit–
sa manggagamot, sa pamilya, sa mga malapit na kaibigan. Subalit, minsan naman sinasabi ng may karamdaman ang kanilang kalagayan sa maraming tao. Sa tuwing sinasabi nila ito, lalong nananatili ang karamdaman.
Mas mainam na huwag pansinin ito kung maaari. Magandang mas isipin si Hesus, ang Dakilang Manggagamot, kaysa karamdaman. (c.f. *God at Eventide*, Hulyo 20)

Pebrero 18, 2012 : Isang kasama ay nasa Ospital ng Queen Elizabeth dahil sa malubhang pamamaga sa ibaba ng kanang binti sanhi ng bawal na gamot. Pagkatapos makatanggap ng "Dr. Jesus" noong Pebrero 18, humingi siya ng tulong kay Hesus ng gabing iyon. Kinabukasan, nawala ang pamamaga. Sumunod na araw, lubusan ng nawala ang pamamaga. Nagkaroon siya ng parehong problema sa kanyang kaliwang binti, maraming buwan na nakaraan. Parehong ospital, parehong gamot.....ngunit inabot ng isang buwan bago nawala ang pamamaga. Ang kanang binti, dalawang araw lamang. Ang sabi niya, ang pagkakaiba ay ang panalangin kay Hesus.

---

Nang si Maria ay nagdadalang-tao, sabi ng kanyang biyenan na babae: "Kapag babae ang sanggol mo, hihiwalayan ka ng anak ko." Natakot si Maria. Kaya nga't isinilang ang sanggol na may karamdaman, isang karamdaman na hindi mapagaling ng mga manggagamot. Isang pari ang naghikayat kay Maria na manalangin. "Hesus, tulungan mo akong patawarin ang biyenan ko."

Ilang araw ang nakaraan, gumaling ang sanggol. Ang pagpapatawad, lalo na't pagpapatawad sa taong hindi mabuti ang pakikitungo sa atin, ay kadalasan susi sa pagpapagaling.

Hesus, tulungan Niyo akong patawarin ang sinumang hindi gumagawa sa akin ng mabuti.

Ebanghelyo ayon kay Lukas 18 : 35 - 43

Nang si Hesus ay makarating sa bayan ng Jerico, mayroong isang lalaking bulag sa tabi ng daan at nagpapalimos. Nang marinig ng lalaking bulag na dumadaan si Hesus, siya ay tumawag, "Hesus, Anak ni David, mahabag Ka sa akin!" Ilang tao roon ay nagsabing tumahimik siya, ngunit lalo niyang nilakasan ang pagtawag, "Anak ni David, mahabag ka sa akin!" Tinanong siya ni Hesus, "Ano ang iyong nais?" Sumagot ang lalaki, "Ginoo, nais kong makakita muli." Sinabi ni Hesus sa kanya, "Tanggapin mo ang iyong paningin, ang iyong pananalig ang nagligtas sa iyo." Nang sandaling iyon, muli siyang nakakita at sinundan niya si Hesus sa daan, pinupuri ang Panginoon ng buong lakas.





*Igalang ang doktor. Ang kanyang kakayahang magpagaling ay isang handog na galing sa Diyos. Ang Diyos ay nagkaloob ng mga gamot galing sa lupa, at ang taong hindi manhid ay hindi kamumuhian ang mga ito.*
*(Sirach 38 : 1 - 4)*




Kung minsan sinasabi ng tao, “Hindi ko alam kung paano manalangin.” Walang problema.
Ang panalangin ay isa lamang pakikipag-usap.
Ang pananalangin ay pakikipag-usap kay Hesus tulad ng sa kaibigan.
Hindi kailangan ng maraming salita.
Alam ni Hesus kung anong laman ng ating mga puso. Kailangan lang nating isipin Siya.
Hindi kailangang paulit-ulit.
Si Hesus ay hindi bingi.
Magsalita ka lang na may pagtitiwala, tulad ng batang nakikipag-usap sa kanyang ina o ama.

*Hesus, tulungan mo akong manalangin, tulungan mo akong makipag-usap sa Iyo!*

## Ebanghelyo ayon kay Mateo 20 : 29 - 34

Minsan nang si Hesus ay lilisan sa bayan ng Jerico, may dalawang bulag na nakaupo sa tabi ng daan. Nang marinig nilang si Hesus ay dumadaan, sila'y sumigaw: "Panginoon! Anak ni David, mahahabag ka sa amin." Pinagsabihan sila ng mga tao roon at sinabing tumahimik, ngunit lalo nilang nilakasan ang sigaw: "Panginoon! Anak ni David, mahabag ka sa amin." Huminto si Hesus, tinawag sila at sinabi: "Ano ang gusto ninyong gawin Ko sa inyo?" Sabi nila, "Panginoon, nais naming makakita muli." Nahabag si Hesus sa kanila at hinipo ang kanilang mga mata. Kaagad sila'y nakakita muli at sinundan si Hesus sa daan.





Isang mainam na panalangin gamit ang "pagpatong ng kamay" : Hesus, nawa'y maramdaman ni (..pangalan..) ang Iyong pag-ibig sa kanyang puso. Nawa'y ang Iyong pag-ibig ay magbigay sa kanya ng pag-asa, katatagan, pagpapatawad, kapayapaan at kagalingan ng katawan, isip at kaluluwa.



Ebanghelyo ayon kay Mateo 21 : 12 – 14

Nang si Hesus ay makapasok sa Jerusalem, tinanggap Siya ng mga tao habang winawagayway ang pinutol na sanga. Nagtungo si Hesus sa Templo at pinalayas ang mga mamamalit ng salapi at ang nagtitinda ng kalapati. Mga taong bulag at pilay ay pumunta sa Kanya sa Templo at sila'y pinagaling Niya.





*Kung minsan ang karamdaman ay may kaugnayan sa isang bagay o sa sinuman sa ating pamilya o kadugo. Ito'y kadalasang nangyayari kapag higit isa sa ating pamilya ay may parehong karamdaman. Si Hesus ay Panginoon ng kasaysayan at panahon. Siya ay makapagbibigay ng kapayapaan at kagalingan sa ating pamilya. Dalawang mainam na aklat ni Dr. Kenneth Mcall :*

- *Healing the Family Tree*
- *A Guide to Healing the Family Tree*

Hesus, kung may tao man o pangyayari sa aking pamilya na hindi pa 100% mapayapa,
ako'y humihiling sa Iyo ngayon, Panginoon ng Kasaysayan, pumarito Ka at magbigay ng kapayapaan sa lahat.
Para sa aking pamilya, nanalangin ako ngayon kasama ka Hesus : Ama naming sa langit.....


## Isang istorya tungkol sa pangangailangang manalangin para sa ating pamilya :

Isang 50 taong gulang na matandang babae sa Tsina ang malubhang nahihirapan sa sakit na Parkinson's Disease. Dalawampu't-apat na oras bawat araw hindi humihinto ang kanyang panginginig. Hindi siya makatulog. Siya at ang kanyang asawa ay gumastos na ng malaking halaga, ngunit ang Chinese at Western na gamot ay hindi nakatulong sa kanyang karamdaman.

Pagkatapos, ang kanyang asawa ay humingi ng tulong sa isang pari. Magalang na hiniling ng pari sa mag-asawa ang tungkol sa kanilang pamilya : "mayroon bang malungkot na pangyayari sa sinuman sa pamilya ninyo noong mga nakaraang taon?....mga bagay katulad ng pagpapatiwakal, napaslang, maling pagdadalang-tao, pagpapalaglag ng sanggol sa sinapupunan, malubhang aksidente sa kalye at iba pa?" Marahil, mayroon pang hindi 100% na payapa at kailangan ng panalangin. Sabi ng mag-asawa na noon, bago pa sa una nilang anak, mayroon dalawang sanggol silang pinalaglag. At pagkatapos ng pangalawang anak, mayroon pa silang pinalaglag ulit na dalawang sanggol. Pinangalanan ng mag-asawa ang mga sanggol sa hiling ng pari, gamit ang pangalan ng dalawang lalaki at dalawang babae (dahil hindi alam ang kasarian ng mga sanggol). Tinulungan ng pari ang mag-asawa na humingi ng tawad sa mga sanggol, at hilingin ang kapatawaran ng mga ito para rin sa mga tauhan ng ospital, at iba pa. Tinulungan ng pari ang mag-asawa na humiling kay Hesus para sa 100% na ikapayapa ng mga sanggol, at para ang mga magulang at mga sanggol ay may pag-asang magkita at magkasama sa langit sa mga susunod na panahon. Makaraan ang ilang araw sa pananalangin, ang panginginig ng babae ay halos mawala na ng tuluyan.

## Ebanghelyo ayon kay Lukas 22 : 50 - 51

Batid ni Hesus na malapit na ang Kanyang kamatayan. Nagkaroon siya ng huling hapunan kasama ang kanyang mga kaibigan, pagkatapos tinungo Niya ang kalapit na hardin upang manalangin. Habang Siya'y nanalangin, isang lupon ng kalalakihan ang umaresto sa kanya. Ginamit ni Pedro ang kanyang balarao para putulin ang tainga ng isa sa mga lalaking gustong arestuhin si Hesus. Agad namang sinabi ni Hesus kay Pedro na itabi na niya ang kanyang balarao. Pagkatapos ay hinipo ni Hesus ang tainga ng lalaki at pinagaling niya ito.




*Maging sa panahon na Siya ay arestuhin, nagpapagaling pa rin si Hesus. Hindi Siya humihinto sa pagpapagaling. Nahahabag Siya sa bawat taong may karamdaman na makita Niya. Ngayon, nahahabag pa rin si Hesus para sa taong may karamdaman. Ang puso Niya ay nagnanasang sila'y pagalingin. Walang sinuman ang nanangis para sa mamamatay na bata tulad ni Hesus. Ngayon pa lamang nakikita ng ating mundo ang mapagpagaling na pag-ibig ni Hesus.* Hesus, dagdagan mo ang aking pananampalataya sa mapagpagaling mong pag-ibig.

Bawat isang Linggo sa kulungan, may mga kwento tungkol sa mga panalanging sinagot - katulad nito:

Marso 23, 2012 : Isang kasama ang humiling ng panalangin para sa kanyang nakakatandang kapatid sa Africa. Ang kapatid niya ay "nasa bingit na ng kamatayan." Maraming kasamahan sa loob ng bilangguan ang nanalangin para sa kanyang nakakatandang kapatid. Makalipas ng isang Linggo, nakatanggap siya ng balita : "ang kapatid niya ay magaling na at maayos na ngayon." Ang kasama ko ay nagpasalamat na may karaniwang salita : "GOD IS GOOD!"

Si Hesus na nagpagaling ng mga tao noong unang panahon, alam Niya ang pangalan at karamdaman ng bawat maysakit sa mundo ngayon. Ang mapagpagaling na pag-ibig ni Hesus ay madaling makamtan ngayon tulad noong unang panahon. Ang mapagpagaling na pag-ibig ni Hesus ay katulad ng mapagpalang website na sinuman ay makakapasok, sa bahay man o ospital o kahit saan. Pagpasok sa website na ito ay kailangan lamang ng simpleng panalangin: "Hesus, tulungan N'yo ako. Hesus, pagalingin N'yo ako."

Lahat ng libreta na ito, karagdagang salaysay
at kaalaman tungkol sa pagpapagaling,
ay matatagpuan sa www.doctorjesus.org.
Kung nais mong maglagay ng salaysay tungkol
sa pagpapagaling sa www.doctorjesus.org, pakipadala
na lang ang iyong salaysay sa jdwomi@gmail.com





Wala akong paa.
Sa langit, magkakaroon ka ng dalawang maayos na paa

Bulag ako at bingi.
Sa langit, makakakita at makakarinig ka

Ang aking katawan ay puro bakas ng sugat
matapos masunog sa apoy.
Sa langit, magiging maganda ang iyong katawan

Ipinanganak akong may Down Syndrome.
Mayroon akong Multiple Sclerosis.
Sa langit, ikaw ay lubusang malusog

Sa krus, ang katawan ni Hesus ay labis na nasugatan.
Makaraan ang 3 araw, sa muli Niyang pagkabuhay,
ang katawan Niya'y labis na maganda na maging
ang Kanyang mga kaibigan ay hindi siya nakilala
sa unang pagsilay nila

Mga taong may malubhang kapansanan
sa katawan at isip
Ay magkakaroon ng napakagandang katawan sa
langit – tulad ni Hesus

*Hesus, 2000 taon na ang nakakaraan, nagpagaling Ka ng mga taong may karamdaman : ang mga bingi at mga pipi, mga bulag, mga paralitiko at ketongin. Makaraan ang ilang siglo hanggang ngayon, nagpagaling Ka pa rin ng mga taong may karamdaman kapag sila ay nanalangin sa Iyo.*

*Hesus, ako'y may karamdaman, pagalingin N'yo ako. Hesus, pagalingin N'yo ang aking mga kaibigang may sakit.*

Sa loob ng tatlong buwan, mayroong matinding pananakit sa aking dibdib. Walang gamot ang nakatulong. Hanggang isang gabi, matapos kong basahin ang aklat na "Doctor Jesus," humingi ako ng tulong kay Hesus.Kina-umagahan, wala na ang sakit. (Isang kasama sa HK Detention Centre, Nobyembre 11, 2011)

Mga taong natulungan ng "Doctor Jesus",
ay natulungan din ng "The Simple Bible"
- Mayroong kopya na naiprenta sa Ingles at Tsino
- Sa Internet : www.simplebible.info

Translation Editors : HK O.M.I. & friends
Illustrations : Edmund
ISBN 978-988-12396-8-6 2nd edition, Sep 2020
Printed in HK by Print Shop www.printshop hk
For private distribution only. Not for sale
Published in Hong Kong
by Fr. John Wotherspoon O.M.I. 胡頌恆神父
Email : jdwomi@gmail.com Tel : (852) 67095674
This book is available in Chinese & English
God bless the kind friends who produced this book